

Ministry ng Edukasyon

Ministro

315 Front Street West
Toronto ON M7A 0B8**Ministère de l'Éducation**

Ministre

315, rue Front Ouest
Toronto ON M7A 0B8

Mahal naming mga Magulang,

Sumulat ako sa inyo ngayong araw, eksaktong dalawang linggo na ang nakalipas simula nang ideklara ng ating pamahalaan ang isang “State of Emergency” sa lalawigan.

Alam ko ang panahong ito ay hindi naging madali para sa inyo o sa inyong mga anak, lalo na nagsimulang nadaragdagan ang mga epekto ng paglaganap ng COVID-19 sa inyong araw-araw na mga buhay at mga kabuhayan.

Hindi naging madali ang pakikipaglaban sa COVID-19, nguni't patuloy akong nabibigyan ng pambihirang inspirasyon ng katapangan at katatagan na ipinakita ninyo at ng inyong mga anak sa aming mga pagsusumikap na pigilan ang pagkalat ng paglaganap na ito. Magmula nang nagpasya ang Gabinete na isara ang sistema ng pampublikong paaralan noong Marso 12, nakita namin ang maraming hakbang na ginawa ng mga pampubliko at pribadong sektor upang protektahan ang ating mga pinakamahirang miyembro ng populasyon.

Nais kong tiyakin sa inyo na bilang Ministro ng Edukasyon, na ang kalusugan at kaligtasan ng inyong mga anak ay nananatiling pangunahing prayoridad ng ating pamahalaan; wala nang iba pang mas pinakamahalaga. Ang bawa't desisyong ginagawa namin ay batay sa mga pangunahing responsibilidad upang pangalagaan ang kapakanan ng inyong mga anak. Labis kaming nagpapasalamat sa malaking pag-unawa at kakayahang umangkop na ipinakita ninyo at ng inyong mga anak sa panahon ng pagsasara ng paaralan.

Isinasaalang-alang ang dedikasyong ito, ngayong araw ay nagpasya ang ating pamahalaan na pahabain ang pagsasara ng mga pampublikong paaralan sa lalawigan nang hanggang Mayo 4, kasama ang mga center sa pangangalaga ng bata at mga pribadong paaralan nang hanggang Abril 13. Sa mga karaniwang panahon, magiging mahirap na desisyon ito. Gayunpaman, dahil sumasang-ayon din ang Pinunong Pangmedikal na Opisyal ng Kalusugan na makakabuti ito sa inyo at sa kalusugan ng inyong mga anak, naging malinaw at nauunawaan ang desisyong ito.

Bagaman ang anunsyong ito ay alinsunod sa patakaran sa kalusugan ng publiko, alam kong magdudulot ito ng mga katanungan tungkol sa kung ano ang gagawin ng inyong mga anak sa mga darating na linggo na kaugnay sa kanilang edukasyon, dahil hindi masasagawa ang pagtuturo sa loob ng paaralan.

Ngayong araw na ito, ipinagmamalaki kong i-anunsyo ang plano ng ating pamahalaan para sa susunod na yugto ng Learn at Home (Pag-aaral sa Bahay) at kung paano namin susuportahan ang mga mag-aaral, pamilya at mga tagapagturo sa panahong ito.

Upang magsimula, inatasan namin ang mga lupon ng paaralan na simula sa Lunes, Abril 6, ipagpapatuloy ang pag-aaral na pangungunahan ng guro sa buong lalawigan. Magsisimulang makatanggap ng komunikasyon ang mga mag-aaral mula sa kanilang mga guro at sa tauhan ng lupon ng paaralan ngayong linggong ito upang matukoy ang pinakamagandang paraan upang maipagpatuloy ng inyong anak ang pag-aaral sa panahong ito. Lalo na para sa ating mga batang mag-aaral, hinihingi ko ang inyong tulong sa pagpapadali ng mga inisyal na pag-uusap na ito sa mga tagapagturo kapag nagsimula silang makipag-ugnayan. Ang maagang komunikasyon na ito ay tutulungang tiyakin na maaaring aktibo at ganap na lumahok ang lahat ng mag-aaral sa mahusay na estratehiya ng online na pag-aaral. Dinisenyo namin ang estratehiya batay sa teknolohiya at mga mapagkukunan na kasalukuyang mayroon sa tahanan.

Alam ko rin na maraming mga pamilya sa lalawigan ay maaaring walang access sa teknolohiya at broadband na koneksyong kinakailangan upang ganap na lumahok sa online na pag-aaral. Upang lutasin ang sitwasyong ito, inatasan ng ating pamahalaan ang mga lokal na lupon ng paaralan na ibigay ang kanilang umiiral na imbentaryo ng mga computer at mga device sa mga mag-aaral na walang access sa bahay. Makikipagtulungan ang mga Lupon sa Ministry upang bumuo ng plano upang palawakin ang teknolohiyang nangangailangan nito. Nais ko ring kilalanin na naghanap ang mga lupon ng mga alternatibong opsyon para sa access ng mga mag-aaral sa teknolohiya, kasama ang pakikibahagi sa mga regular na pag-uusap sa mga tagapagbigay ng mga telekomunikasyon upang matukoy kung anong mga opsyon ang mayroon upang pahintulutan ang mga pamilya na ma-access ang mga nangunguna sa mundong mapagkukunan sa online na pag-aaral sa Ontario.

Higit pa itong kinakailangan para sa panlalawigan at mga malayong komunidad kung saan ang mga koneksyon ay hindi pinakamainam. Bibigyan ko kayo ng update habang patuloy na uusad ang mga pag-uusap na ito tungkol sa teknolohiya at mga opsyon sa broadband.

Bilang bahagi ng planong ito para sa online na pag-aaral, ang ating pamahalaan ay nagbalangkas ng mga pinakakaunting inaasahan para sa oras ng gawain ng mag-aaral sa isang partikular na linggo batay sa mga materyal sa pag-aaral at gawaing itatalaga ng guro ng inyong mag-aaral. Kasama sa mga inaasahang ito, para sa bawa't guro ang:

- Kindergarten hanggang Grade 3: Limang oras ng gawain bawa't mag-aaral bawa't linggo, na nakatuon sa karunungan bumasa't sumulat at matematika;
- Grade 4 hanggang 6: Limang oras ng gawain bawa't linggo, na nakatuon sa karunungan bumasa't sumulat, matematika, agham at araling panlipunan;

- Grade 7 hanggang 8: 10 oras ng gawain bawa't linggo, na nakatuon sa matematika, karunungan bumasa't sumulat, agham at araling panlipunan; at,
- Grade 9 hanggang 12: Tatlong oras ng gawain bawa't kurso bawa't linggo para sa mga mag-aaral na pumapasok ayon sa semestre, at 1.5 oras ng gawain bawa't kurso bawa't linggo para sa mga mag-aaral na hindi pumapasok ayon sa semestre, na nakatuon sa pag-ipon ng credit at pagtatapos.

Batay sa mga inaasahang ito, aatasan ng pangalawang yugto ng [LearnAtHome](#) ang mga mag-aaral na gumamit ng pang-akademikong disiplina at dedikasyon upang tiyaking makakaranas sila ng patuloy na pagsulong at pagkamit sa akademiko. Alam ko na magagawa ito ng ating mga mag-aaral.

Bagaman ang mga ito ay hindi pangkaraniwang panahon, hinihikayat ko kayong suportahan at payagan ang inyong mga anak na maglaan ng buong dedikasyon sa mahusay na programa ng pag-aaral na ginawa namin para sa panahon ng pagsasara ng paaralan na ito. Ang inyong suporta, inspirasyon at motibasyon ay magpapatuloy na ihanda ang inyong mga anak na magtagumpay sa kanilang journey sa pag-aaral.

Alam kong nakakabahala ang panahong ito para sa mga magulang ng mga mag-aaral sa isang grupo ng mga magtatapos. Sinabi ko dati, at nais kong ulitin ito muli: walang mag-aaral na malalagay sa panganib ang pagtatapos dahil sa mga pagbabago tungkol sa COVID-19. Mahigpit akong nakikipagtulungan sa Kagalang-galang na si Ross Romano, Ministro ng Mga Kolehiyo at Mga Unibersidad, at ang sektor pagkatapos ng sekundarya. Titiyakin ng ating pamahalaan na magkakaroon ng kumpletong suporta ang mga mag-aaral na nagpaplanong pumasok ng kolehiyo o unibersidad sa Setyembre 2020, upang makamit ang layuning ito.

Habang patuloy na nakakaipon ang mga mag-aaral ng mga credit sa panahon ng pagsasara na ito, magbibigay kami ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano makakasunod ang mga mag-aaral sa proseso ng pag-aapply pagkatapos ng sekundarya sa mga darating na linggo.

Nauunawaan ko ang mga magulang na may mga anak na maaaring may mga espesyal na pangangailangan sa edukasyon, may mga alalahanin sa pag-aaral sa bahay at ang kawalan ng aktwal na tauhan para sa pang-edukasyong suporta at mga mapagkukunan sa panahong ito. Ako ay mahigpit at walang alinlangang nakatuon sa pagtiyak na patuloy na magkakaroon ang lahat ng mag-aaral ng access sa mga suportang dinisenyo para sa bawa't indibiduwal na nagtataguyod ng patuloy na pag-aaral at pag-unlad.

Inatasan ng ating pamahalaan ang mga lupon na payagan ang agarang pagpapanumbalik ng komunikasyon sa mga mag-aaral at mga katulong sa edukasyon, parapropesyonal at iba pang manggagawa sa edukasyon na muling ipakilala ang pagpapatuloy ng propesyonal na suporta sa mga mag-aaral. Hindi namin pahihintulatang hindi maasikaso ang sinumang mag-aaral sa hindi pangkaraniwang panahon na ito. Binibigyan ng aking Ministry ng mga gamit at suporta ang mga tagapagturo na kailangan nila upang dagdagan ang mga oportunidad at nakakamit ng lahat ng mag-aaral sa lalawigan sa isang online na setting.

Bagaman ang karamihan ng usap-usapan sa COVID-19 ay nakatuon sa mga epekto sa pisikal na kalusugan, nais kong kilalanin ang mga malaking epekto na maaaring mayroon ang paglaganap na ito sa kalusugan ng isip ng mga taga-Ontario. Lalo na sa ating mga pinakabatang mag-aaral na maaaring ganap na nahihirapang maunawaan at maproseso ang ibig sabihin nito sa kanilang mga buhay, pamilya, kaibigan at mga komunidad. Ito marahil ay isang panahon ng takot at pagkabalisa para sa inyong anak, kahit na hindi ito kaagad kapansin-pansin.

Bagaman kayo at ang inyong mga anak ay maaaring maraming tanong tungkol sa mangyayari sa hinaharap, nais kong ipahayag ang aking taos-pusong pag-asa na malaman ng lahat ng bata na mayroong iba't ibang mga suporta upang tulungang magproseso at malampasan ang maraming emosyon at reaksiyon na maaaring kinakaharap nila sa panahong ito. Inatasan ng ating pamahalaan ang mga lupon ng paaralan na tiyaking handang makipag-ugnayan kaagad ang mga manggagawa sa kalusugan ng isip at mga propesyonal na tauhan sa mga mag-aaral sa isang tiyak at ligtas na pag-uusap. Patuloy naming sinusupportahan ang pambihirang gawain na ginagawa upang magbigay ng pagpapayo at mga mapagkukunan na dinisenyo para sa bawat indibiduwal sa mga mag-aaral sa buong lalawigan.

Marami kaming organisasyong nagbibigay ng mahalaga at propesyonal na suporta para sa mga batang nahaharap sa mga alalanin o pagkabagabag. Halimbawa, ang [Kids Help Phone](#) ay nagbibigay ng 24/7 na pagpapayo at mga serbisyo sa pagrerekomenda sa buong lalawigan. Upang magamit ang libreng mapagkukunang ito, maaaring tumawag ang mga bata sa 1-800-668-6868, o i-text ang CONNECT sa 686868.

Habang umuusad tayo sa susunod na yugto ng pagsasara ng paaralan, patuloy na madaragdagan ang mga inaasahan ng mga magulang, tagapag-alaga, mag-aaral, tagapagturo at ng aking Ministry. Dahil nakilala ko na ang hindi mabilang na may motibasyon at determinadong mag-aaral, tagapagturo at mga manggagawa sa edukasyon sa buong lalawigan, alam kong handa na tayong harapin ang mga darating na hamon.

Nais kong ipaabot sa inyo at sa inyong anak ang aking tapat at hindi matitinag na dedikasyon sa pagtiyak na maipagpapatuloy ng bawa't mag-aaral sa lalawigan ang pag-aaral sa primera-klaseng sistema ng edukasyon ng Ontario. Hindi matitinag ang aming magkakasamang dedikasyon sa pagbibigay ng inspirasyon, suporta at pagpapasigla sa aming mga pinuno sa hinaharap sa panahong ito.

Taos-puso,

A handwritten signature in black ink, appearing to read 'S. Lecce', written in a cursive style.

Ang Kagalang-galang na si Stephen Lecce
Ministro ng Edukasyon